**MOTHER TONGUE 3**
**Structuring Competencies in a Definite Budget of Work**

| | |
|---|---|
| **GRADE (Baitang)** | Baitang 3 |
| **Quarter (Kuwarter)** | Unang Markahan |
| **Key Stage (Susi sa bawat Yugto)** | 1 |
| **Key Stage Standards (Mga Pamantayan sa bawat Yugto)** | Sa dulo ng Baitang 3, ang mga mag-aaral ay inaasahang masiglang nakikipagtalastasan gamit ang unang wika batay sa kanilang kaalaman sa mga pamilyar na paksa para sa iba't ibang layunin at mga tagapakinig gamit ang batayang talasalitaan, at mga parirala; nakababasa ang mga teksto sa unang wika na may pag-unawa, at nakalilikha ng mga sariling kuwento at mga teksto gamit ang kanilang unang wika. |

| Kasanayan sa Pagkatuto (Domain) | Mga Pamantayan sa Pangnilalaman (Content Standards) | Mga Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) |
|---|---|---|
| Wikang Binibigkas | Nagtataglay ng pinalalawak na mga kasanayan sa wika at kamalayang kultural na kinakailangan upang matagumpay na makalahok sa pasalitang pakikipagtalastasan sa iba't ibang konteksto. | Nakapagpapalawak ng wikang pasalita sa pagtukoy ng pangalan at paglalarawan ng mga tao, mga lugar, at mga konkretong bagay at makipagtalastasan ng pansariling mga karanasan, mga ideya, mga kaisipan, mga kilos at mga damdamin sa iba't ibang konsteksto. |
| Tatas | Nakapagpapamalas ng kakayahan sa pagbasa ng mga salita ayon sa antas o lebel na may sapat na kawastuan, tamang bilis at pagpapahayag na tumutulong sa pag-unawa. | Nakababasa nang may sapat na bilis, kawastuan, at wastong pagpapahayag sa pagbasa ng mga tekstong ayon sa antas o lebel. |
| Pagbabaybay | Nakapagpapamalas nang wastong pagbabaybay ng mga salita ayon sa antas o lebel. | Nababaybay ang mga salita na may kawastuan ayon sa antas o lebel. |
| Pagkatha | Nakapagpapamalas ng kakayahan sa paglikha ng mga kaalamang sumusunod sa mabisang batayan/huwaran ng wikang pasulat. | Nagagamit ang mga pinalalawak na kaalaman at mga kasanayan sa pagsulat nang malinaw na magkakaugnay na pangungusap, mga talata, maiikling kuwento, mga liham, at mga tula mula sa ibat' ibang mapagganyak na kagamitan. |
| Kamalayan sa Gramatika | Nakapagpapamalas ng pinalalawak na kaalaman at pag-unawa sa gramatika ng wika at gamit nito kapag nagsasalita at nagsusulat. | Nakapagsasalita at nakapagsusulat nang wasto at mabisa para sa iba't ibang layunin gamit ang gramatika ng wika. |
| Talasalitaan at Paglinang sa Konsepto | Nakapagpapamalas ng pinalalawak na kaalaman at paggamit ng angkop na mga konsepto ng talasalitaan ayon sa antas o lebel. | Nagagamit ang pinalalawak na kaalaman at kasanayan sa pamamaraang pasalita at pasulat. |
| Pag-unawa sa Napakinggan | Nakapagpapamalas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan at mga tekstong nagbibigay ng kaalaman ayon sa antas o lebel. | Nauunawaan at napapahalagahan ang mga tekstong pasalaysay at nagbibigay ng kaalaman ayon sa antas o lebel. |
| Pag-unawa sa Binasa | Nakapagpapamalas ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan at mga tekstong nagbibigay ng kaalaman ayon sa antas o lebel. | Nauunawaan at napapahalagahan ang mga tekstong pasalaysay at nagbibigay ng kaalaman ayon sa antas o lebel. |
| Saloobin sa Pagbabasa | Nakapagpapamalas ng positibong saloobin tungo sa wika, pagkatuto at panitikan. | Napananatili ang kawilihan sa pagbabasa at pagpapahalaga sa wika, pagkatuto at panitikan. |
| Mga Kasanayan sa Pag-aaral | Nakapagpapamalas pinalalawak na kaalaman at kasanayan sa pakikinig, pagbasa at pagsulat para sa mga tiyak na layunin. | Nagtataglay ng pinalalawak na kaalaman at mga kasanayan sa pakikinig, pagbasa at pagsulat para sa mga tiyak na layunin. |